Ang Inyong Impormasyon. Ang Inyong mga Karapatan. Ang Aming mga Tungkulin.

PAUNAWA TUNGKOL SA MGA KAGAWIAN SA PAGKAPRIBADO
DEPARTAMENTO NG KOMUNIDAD AT MGA SERBISYONG PANTAO NG KING COUNTY DEPARTMENT OF COMMUNITY AND HUMAN SERVICES (Departamento ng Komunidad at mga Serbisyong Pantao ng King County)

Petsa ng Pagkakabisa: 16 Pebrero 2026

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano maaaring gamitin at ihayag ang inyong impormasyong medikal:

- ***Kung paano maaaring gamitin at ihayag ang inyong impormasyong pangkalusugan***
- ***Ang inyong mga karapatan hinggil sa inyong impormasyong pangkalusugan***
- ***Kung paano maghahain ng reklamo tungkol sa paglabag sa pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyong pangkalusugan, o sa inyong mga karapatan tungkol sa inyong impormasyon***

Pakisuri itong mabuti.
Mayroon kayong karapatan sa isang kopya ng Paunawang ito (sa anyong papel o elektroniko) at talakayin ito sa Privacy Officer ng Departamento ng Komunidad at mga Serbisyong Pantao ng King County sa telepono 206-263-6920 at email DCHS_Privacy@kingcounty.gov kung mayroon kayong anumang mga katanungan.

King County

Seksyon 1: Ang inyong mga karapatan hinggil sa inyong impormasyong pangkalusugan

Pagdating sa inyong impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan. Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang inyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga tungkulin upang matulungan kayo.

Kumuha ng kopya ng inyong impormasyong pangkalusugan

- Maaari kayong humiling na makita o kumuha ng kopya ng inyong impormasyong pangkalusugan na mayroon kami tungkol sa inyo. Itanong sa amin kung paano ito gagawin.
- Magbibigay kami ng kopya o buod ng inyong impormasyong pangkalusugan, kadalasan sa loob ng 30 araw mula sa inyong kahilingan.

Hilingin sa amin na itama ang inyong impormasyong pangkalusugan

- Maaari ninyong hilingin na itama namin ang inyong impormasyong pangkalusugan kung sa tingin ninyo ay mali o hindi kumpleto ito. Itanong sa amin kung paano ito gagawin.
- Maaari kaming magsabing “hindi” sa inyong kahilingan, ngunit sasabihin namin sa inyo ang dahilan nang nakasulat sa loob ng 60 araw.

Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon

- Maaari kayong humiling na makipag-ugnayan kami sa inyo sa partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o opisina) o ipadala ito sa isang address na inyong pipiliin.
- Isasaalang-alang namin ang lahat ng makatwirang kahilingan at dapat kaming magsabing “oo” kung sasabihin ninyo sa amin na malalagay kayo sa panganib kung hindi namin ito gagawin.

Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyong aming ginagamit o ibinabahagi

- Maaari ninyong hilingin na huwag naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga operasyon. "Hindi" kami obligadong sumang-ayon sa inyong kahilingan at maaari kaming tumanggi kung makakaapekto ito sa inyong pangangalaga.
- Hindi namin maaaring ibahagi ang inyong impormasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa mga layunin ng paggamot o pagbabayad nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot.

Kumuha ng listahan ng mga pinagbahagian namin ng inyong impormasyon

- Maaari kayong humiling ng isang listahan (tinatawag na "pagtatala" o accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng inyong paghiling, kung kanino namin ito ibinahagi, at kung bakit namin ito ibinahagi.
- Isasama namin ang lahat ng pagkakataon na ibinahagi namin ang inyong impormasyon, maliban sa mga tungkol sa nakagawiang paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Humiling ng mga paghahayag ng iba pang organisasyong sangkot sa inyong kasalukuyan at hinaharap na pangangalaga sa karamdaman sa paggamit ng sangkap

- Mayroon kayong karapatang humiling ng listahan ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyon sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring saklawin ng listahang ito ang hanggang sa tatlong taon bago ang petsa ng inyong paghiling at isasama rito kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon at kung bakit.

Kumuha ng kopya ng paunawa sa pagkapribado na ito

- Maaari kayong humiling ng kopya sa papel ng paunawang ito sa anumang oras, kahit na sumang-ayon kayong tanggapin ang paunawa sa paraang elektroniko. Bibigyan namin kayo ng kopya sa papel.

Pumili ng taong kikilos para sa inyo

- Kung nagbigay kayo sa isang tao ng power of attorney para sa pangangalagang pangkalusugan o kung ang isang tao ay inyong legal na tagapangalaga (guardian), ang taong iyon ay maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- Titiyakin naming ang tao ay may ganitong kapangyarihan at maaaring kumilos para sa inyo bago kami magsagawa ng anumang aksyon.

Maghain ng reklamo kung sa tingin ninyo ay nilabag ang inyong mga karapatan

- Maaari kayong magreklamo kung sa tingin ninyo ay nilabag namin ang inyong mga karapatan sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 401 Fifth Avenue, Suite 500, Seattle, WA 98104, Attn: Privacy Officer o sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1-877-696-6775 o pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/.
- Hindi namin kayo gagantihan sa paghahain ng reklamo.

Seksyon 2: Ang Aming mga Paggamit at Paghahayag: Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Tumulong sa pangangasiwa ng pangangalagang pangkalusugan na inyong natatanggap

- Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan at ibahagi ito sa mga propesyonal na gumagamot sa inyo, nag-uugnay ng inyong pangangalaga, o tumutulong sa paghahanap ng matitirhan (kung wala kayong tirahan).
  Halimbawa: Ang isang tagapagbigay (provider) ay nagpapadala sa amin ng impormasyon tungkol sa inyong mga serbisyo sa paggamot upang makagawa kami ng mga pagsasaayos para sa pagsaklaw (coverage) o upang mag-ugnay ng mga karagdagang serbisyo.
- Hindi namin kayo gagantihan sa paghahain ng reklamo.

Patakbuhin ang aming organisasyon

- Maaari naming gamitin at ihayag ang inyong impormasyon upang makapagbigay ng mga serbisyo nang mabisa.
  Halimbawa: Maaari naming suriin ang inyong impormasyon upang makita kung gaano kahusay ang mga serbisyong aming ibinibigay at upang makahanap ng mga paraan para sa mas mahusay na pangangalaga.

Magbayad para sa inyong mga serbisyong pangkalusugan

- Maaari naming gamitin at ihayag ang inyong impormasyong pangkalusugan upang magbayad para sa inyong mga serbisyong pangkalusugan.
  Halimbawa: Ibinabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo sa Washington State Department of Social and Health Services at sa Health Care Authority para sa pagbabayad ng mga serbisyong inyong natatanggap.

Seksyon 3: Ang Aming mga Paggamit at Paghahayag: Paano pa namin maaaring gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Pinahihintulutan o kinakailangan kaming ibahagi ang inyong impormasyon sa iba pang paraan. Kadalasan sa mga paraang nakatutulong sa kapakanan ng publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin maibahagi ang inyong impormasyon para sa mga layuning ito. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html

Tumulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan

Maaari naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo para sa ilang mga sitwasyon gaya ng:

- Pag-iwassa sakit.
- Pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan.
- Pag-iwas o pagbabawas ng seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.

Para sa pananaliksik

Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon para sa pananaliksik pangkalusugan.

Sumunod sa batas

Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo kung kinakailangan ng mga batas ng estado o pederal, kabilang ang sa Department of Health and Human Services (DHHS) kung nais ng DHHS na makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.

Tugunan ang mga kahilingan sa workers' compensation, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo:

- Para sa mga claim sa workers' compensation (kabayaran sa mga manggagawa).
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas – sa ilang limitadong pagkakataon lamang.
- Sa mga ahensya sa pagsubaybay sa kalusugan (health oversight agencies) para sa mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas.

Tumugon sa mga usapin sa batas at legal na aksyon

Maaari naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman o administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena.

Iba pang mga Paggamit at Paghahayag

Ang iba pang mga paggamit at paghahayag na hindi inilarawan sa Paunawang ito ay gagawin lamang nang mayroon kayong nakasulat na pahintulot.

Seksyon 4: Ang Aming mga Paggamit at Paghahayag ng Impormasyon sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap

Ang pagiging kumpidensyal ng impormasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap ay protektado ng mga regulasyon na mas mahigpit kaysa sa mga regulasyon para sa mas pangkalahatang impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, hindi namin maaaring ibahagi ang inyong impormasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa mga layunin ng paggamot, para sa mga layunin ng pagbabayad, o upang patakbuhin ang aming organisasyon nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot.

Kinakailangang pahintulot

- Maaari kayong magbigay ng isang pahintulot na sumasaklaw sa lahat ng mga paggamit o paghahayag sa hinaharap ng inyong impormasyon para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.
- Maaari ninyong kanselahin ang inyong pahintulot sa anumang oras sa pamamagitan ng pagsasabi sa amin nang nakasulat. Magkakabisa ang pagkansela kapag natanggap na namin ito. Hindi nito babaguhin o ipawawalang-bisa ang anumang paggamit o paghahayag na nangyari na batay sa inyong naunang pahintulot.
- Kahit na ibinahagi ang inyong impormasyon nang may pahintulot ninyo, ang sinumang tumatanggap nito ay dapat sumunod sa parehong mga alituntunin sa pagiging kumpidensyal. Hindi nila ito maaaring muling ibahagi nang wala ang inyong pahintulot.

Mga paghahayag nang walang pahintulot

Pinahihintulutan o kinakailangan kami ng pederal na batas na ibahagi ang inyong impormasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, kahit na wala ang inyong nakasulat na pahintulot, sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Sa mga tauhang medikal sa panahon ng isang medikal na emerhensya
- Sa mga awtoridad kapag nag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata
- Upang iulat ang pinaghihinalaang aktibidad na kriminal
- Para sa pananaliksik, mga audit, o mga pagsusuri
- Kapag kinakailangan sa pamamagitan ng kautusan ng hukuman
- Kapag nakikipagtulungan sa isang kuwalipikadong organisasyon ng serbisyo sa ilalim ng isang inaprubahang kasunduan

Ang iba pang paggamit at paghahayag ng inyong impormasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap na hindi inilarawan sa Paunawang ito ay gagawin lamang nang mayroon kayong nakasulat na pahintulot.

Mga proteksyon laban sa paggamit ng inyong impormasyon sa mga legal na proseso:

- Ang inyong impormasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap - o anumang testimonya batay dito - ay hindi maaaring gamitin laban sa inyo sa hukuman nang wala ang inyong tahasang nakasulat na pahintulot o isang kautusan ng hukuman.
- Kung makakatanggap kami ng kautusan ng hukuman, dapat kayong maabisuhan at bigyan ng pagkakataong tutulan ito.
- Ang kautusan ng hukuman ay dapat may kasamang subpoena upang maipatupad ang paghahayag ng impormasyon.

Seksyon 5: Ang Aming mga Tungkulin

Pagkapribado at Seguridad ng inyong impormasyong pangkalusugan

- Kinakailangan kami ng batas na mapanatili ang pagkapribado at seguridad ng inyong impormasyong pangkalusugan.
- Ipapaalam namin sa inyo kaagad kung may mangyayaring paglabag sa data (data breach) na maaaring nagkompromiso sa pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyon. Ang mga paglabag sa pederal na batas at mga regulasyon ay iuulat sa mga naaangkop na awtoridad alinsunod sa mga pederal na regulasyon.
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at pamamaraan sa pagkapribado na inilarawan sa paunawang ito at bigyan kayo ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon maliban sa inilarawan dito, maliban na lamang kung sasabihin ninyo sa amin na maaari naming gawin ito nang nakasulat. Kung sasabihin ninyo sa amin na maaari kaming pahintulutan, maaari ninyong baguhin ang inyong pasya sa anumang oras. Ipaalam sa amin nang nakasulat kung nagbago ang inyong pasya.

Muling paghahayag (Redisclosure):

- Kapag naibahagi na, ang ilan sa inyong impormasyon ay maaaring muling ihayag ng tumanggap nito at maaaring hindi na protektado ng parehong mga alituntunin.

Mga Pagbabago sa mga Tuntunin ng Paunawang Ito
Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng paunawang ito, at ang mga pagbabago ay maglalapat sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa inyo. Ang bagong paunawa ay magiging available kapag hiniling at sa aming web site at padadalhan namin kayo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

Seksyon 6: Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang:

- www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html.
- Fact Sheet 42 CFR Part 2 Final Rule | HHS.gov

King County Department of Community and Human Services
(Departamento ng Komunidad at mga Serbisyong Pantao ng King County)
Privacy Officer (Opisyal sa Pagkapribado) (206)-263-6920
401 Fifth Avenue Suite 500, Seattle, WA 98104
email: DCHS_Privacy@kingcounty.gov